4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 4

Aralin

5

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 5 (Linggo 5)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Ethel Ronquillo-Burgos

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran upang malinang ang pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naisasabuhay ang pagiging mapagmalasakit sa mga hayop sa pamamagitan ng pagiging sensitibo at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.<br><br>a. Nailalarawan ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran.<br>b. Naipaliliwanag na ang pangangalaga sa hayop bilang bahagi ng kapaligiran ay tungkulin ng tao bilang isang mabuting katiwala upang mapanatili ang buhay at kalusugan.<br>c. Naisasakilos ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran. |
| **C. Nilalaman** | Pangangalaga sa mga Hayop Bilang Bahagi ng Kapaligiran<br><br>1. Pangangalaga sa mga Hayop ayon sa Batas<br>2. Pag-unawa sa Ekolohiya na Kailangan ng mga Hayop<br>3. Pangangalaga ng mga Hayop Tanda ng Pagiging Mabuting Katiwala<br>4. Wastong Pamamaraan ng Pangangalaga sa mga Hayop |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagmalasakit (*Compassion*) |
| **E. Integrasyon** | Paghahayupan pantawid sa kahirapan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Ecology (w.p.). Nakuha mula sa

https://education.nationalgeographic.org/resource/ecology/

Mga larawan nakuha mula sa

https://www.facebook.com/WeDontDeserveEarth/photos/a.344992262914335/828598381220385/?type=3

https://www.istockphoto.com/vector/adoption-dogs-from-shelter-volunteering-and-helping-pets-concept-gm1289348104-385050732?phrase=stray+dogs

https://www.dreamstime.com/two-juvenile-bullies-mistreat-duck-hare-caricature-people-who-abused-animals-image130633112

https://www.istockphoto.com/vector/adoption-dogs-from-shelter-volunteering-and-helping-pets-concept-gm1289348104-385050732?phrase=stray+dogs

https://www.dreamstime.com/two-juvenile-bullies-mistreat-duck-hare-caricature-people-who-abused-animals-image130633112

https://www.facebook.com/WeDontDeserveEarth/photos/a.344992262914335/828598381220385/?type=3

https://www.google.com/search?q=quotations+about+taking+care+of+the+ecology+of+animals&sca_esv=5c45884c021c79da&rlz=1C1GCEA_enPH1042PH1042&ei=6pnlZZ3sJO2N4-EP8cudyAw&ved=0ahUKEwididD-qtqEAxXtxjgGHfFlB8kQ4dUDCBA&uact=5&oq=quotations+about+taking+care+of+the+ecology+of+animals&gs_lp=Egxnd3Mtd2l6LXNlcnAiNnF1b3RhdGlvbnMgYWJvdXQgdGFraW5nIGNhcmUgb2YgdGhlIGVjb2xvZ3kgb2YgYW5pbWFsczIFECEYoAFIz2dQnBJYxmVwAXgAkAEAmAHwAaAB_yCqAQYwLjI5LjG4AQPIAQD4AQGYAh6gApAhwgIKEAAYRxjWBBiwA8ICBhAAGBYYHsICCxAAGIAEGIoFGIYDwgIFECEYnwWYAwCIBgGQBgiSBwYxLjI4LjE&sclient=gws-wiz-serp#vhid=g2tR5cYyzYrYNM&vssid=l

The Needs of An Animal (Feb. 24, 2021). Nakuha mula sa https://www.google.com/search?sca_esv=eab7f0f30e16ba03&rlz=1C1GCEA_enPH1042PH1042&q=5+things+animals+need+to+survive+in+their+habitat&sa=X&ved=2ahUKEwi1puHW9dmEAxU_gVYBHbxJCTQQ1QJ6BAhCEAE&biw=1920&bih=953&dpr=1#fpstate=ive&vld=cid:a0056a65,vid:S8XOFeMLyRk,st:0

Universal declaration of animal rights (15 October 1978) Solemnly proclaimed in Paris on 15 October 1978 at the UNESCO headquarters (pdf) (w.p.). Nakuha mula sa https://www.esdaw.eu/unesco.html

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD (AKO BIBOKASE DAPAT). Makati City: VMV11483 Book Publishing House

What Is Ecology? (w.p.). Nakuha mula sa https://www.esa.org/about/what-does-ecology-have-to-do-with-me/

| |
|---|
| What Role Animals Play In The Ecosystem (w.p.). Nakuha mula sa https://www.linkedin.com/pulse/what-role-animals-play-ecosystem-anumeenacare<br><br>Wastong Pamamaraan ng Pag-aalaga ng Hayop https://www.youtube.com/watch?v=MXuG_OZ6B4E&t=123s |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br><br>Nakaraang Paksa: Mga Gawain ng Katapatan sa Pamayanan bilang Indikasyon ng Pananampalataya<br><br>Sagutin ang tanong at ibahagi ang tugon sa katabing kaklase:<br><br>1. Magbigay ng mga konkretong halimbawa na ikaw ay matapat *(honest)* sa:<br>a. ISIP - ____________________<br>b. SALITA - ____________________<br>c. GAWA - ____________________<br><br>2. Bakit mo ito ginagawa? ____________________ | Ibigay ang sapat na oras sa mga mag-aaral para magbahagi ang kanilang mga sagot. Puwedeng pumili ng dalawa o tatlong pares na magbigay ng kanilang bahagi sa talakayan." |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Panghikayat na Gawain**<br><br>**Gawain: #AMBAGAN. Kontribusyong Salita, Kaisipa'y Mapapalaya**<br><br>Isulat ang iyong mga saloobin tungkol sa pangangalaga ng hayop. Punan ang dayagram sa ibaba at ibahagi ito sa klase. | **Gawain: #AMBAGAN**<br><br>Ang gawaing ito ay maghahanda sa mag-aaral sa bagong aralin. Hindi kinakailangan na sumagot lahat ng mag-aaral. |




**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Mayroon ka bang karanasan sa pag-aalaga ng hayop? Ano ang mga ito?

2. Sa palagay mo, tungkulin ba natin ang mag-alaga ng mga hayop? Ipaliwanag ang sagot.

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Gawain: KWL TSART**

Punan o sagutan lamang ang una at ikalawang hanay ng dayagram.

| **Ang mga Tungkulin ng Tao sa Pag-aalaga ng mga Hayop** | | |
|---|---|---|
| Alam ko<br>*(What I Know)* | Nais kong Matutuhan<br>*(What I Want to Know)* | Natutuhan ko<br>*(What I Learned)* |
| | | |

**Gawain: KWL TSART**

Ang layunin ng KWL tsart ay para maihanda ang mag-aaral sa mga impormasyon na alam na niya, kailangan pa niyang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>malaman, at upang maihanda siya sa panibagong aralin o paksa.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Pangangalaga sa mga Hayop ayon sa Batas<br><br>
Ang pagpapakita ng tamang pag-aalaga sa mga hayop ay isang mahalagang aral na dapat ituro sa lahat, lalo na sa mga kabataan. Ang pagsunod sa mga prinsipyo ng Universal Declaration of Animal Rights ay magiging daan upang mas mapagtanto natin ang ating bahagi bilang responsableng katiwala ng kalikasan.<br><br>
Universal Declaration of Animal Rights (15 October 1978) Solemnly proclaimed in Paris on 15 October 1978 at the UNESCO headquarters<br><br>
(Hango mula sa https://www.esdaw.eu/unesco.html)<br><br>
Preamble:<br><br>
•Dahil lahat ng mga hayop ay may karapatan;<br><br>
•Dahil sa kawalan ng paggalang at pagturing sa mga karapatan ng mga hayop na nagresulta at patuloy na nagreresulta sa mga krimen ng tao laban sa kalikasan at sa mga hayop;<br><br>
•Dahil ang pagkilala ng species ng tao sa karapatan sa pag-iral ng iba pang mga species ng hayop ay ang pundasyon ng pakikipagkasundo ng mga species sa buong mundo ng mga hayop;<br><br>
•Dahil sa genosidyo na isinagawa ng tao sa mga hayop at patuloy na banta ng genosidyo;
</td>
<td>
Sanggunian para sa Paksa 1:<br>
The United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO)<br>
https://www.esdaw.eu/unesco.html<br><br>
Tala: Sa iyong pagtatalakay, pakisalin ang Universal Declaration of Animal Rights sa Filipino.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *•Dahil ang paggalang sa mga hayop ay kaugnay ng paggalang ng tao sa mga kapuwa tao;*<br><br>*•Dahil mula sa pagkabata, dapat turuan ang tao na magmasid, umunawa, igalang, at mahalin ang mga hayop;*<br><br>*Kaya ito'y ipinahayag:*<br><br>*Artikulo 1 Lahat ng mga hayop ay ipinanganak na may parehong karapatan sa buhay at ang parehong mga karapatan sa pag-iral.*<br><br>*Artikulo 2*<br><br>1. *Lahat ng mga hayop ay may karapatang igalang.*<br>2. *Ang tao bilang isang species ng hayop ay hindi dapat mag-angkin sa kaniyang sarili ng karapatan na lipulin o mabigo nang di-makatao ang iba pang mga hayop. Ang kaniyang tungkulin ay gamitin ang kaniyang kaalaman para sa kagalingan ng mga hayop.*<br>3. *Lahat ng mga hayop ay may karapatan sa pansin, pag-aalaga, at proteksyon ng tao.*<br><br>*Artikulo 3*<br><br>1. *Walang hayop ang dapat pagdausan ng masama o sumailalim sa mga malupit na gawain.*<br>2. *Kung ang isang hayop ay kailangang patayin, ito ay dapat agad at walang pagdadalamhati.*<br><br>*Artikulo 4*<br><br>1. *Lahat ng mga hayop sa kagubatan ay may karapatan sa kalayaan sa kanilang natural na kapaligiran, maging sa lupa, hangin o tubig, at dapat bigyan ng pagkakataon na magparami.*<br>2. *Ang pagkawala ng kalayaan, kahit para sa layuning pang-edukasyon, ay isang paglabag sa karapatang ito.*<br><br>*Artikulo 5* | |

1. *Ang mga hayop ng mga species na tradisyonal na namumuhay sa isang kapaligiran ng tao ay may karapatang mabuhay at lumaki sa ritmo at sa mga kondisyon ng buhay at kalayaan na katangi-tangi sa kanilang species.*
2. *Ang anumang pakikialam ng tao sa ritmong ito o sa mga kondisyon para sa layuning pakinabang ay isang paglabag sa karapatang ito.*

*Artikulo 6*

1. *Lahat ng mga alagang hayop ay may karapatan na makumpleto ang kanilang natural na haba ng buhay.*
2. *Ang pag-iwan sa isang hayop ay isang marahas at nakakababa ng dangal na gawain.*

*Artikulo 7*

1. *Ang lahat ng mga hayop na ginagamit sa paggawa ay may karapatan sa makatwirang paglimita ng tagal at lakas ng kanilang trabaho, sa kinakailangang nutrisyon, at sa pahinga.*

*Artikulo 8*

1. *Ang eksperimento sa hayop na nagdudulot ng pisikal o sikolohikal na pagdurusa ay hindi tugma sa mga karapatan ng mga hayop kahit ito ay para sa siyentipiko, medikal, pang-komersyal, o anumang iba pang anyo ng pananaliksik.*
2. *Dapat gamitin at paunlarin ang mga pamalit na pamamaraan.*

*Artikulo 9*

1. *Kung saan ginagamit ang mga hayop sa industriya ng pagkain, dapat silang itaguyod, ilipat, ibilanggo, at patayin nang walang pagdudulot ng pagdurusa.*

*Artikulo 10*

1. *Walang hayop ang dapat gamitin para sa pagpapasiya ng tao.*
2. *Ang mga eksibisyon at palabas na kasama ang mga hayop ay hindi tugma sa kanilang dignidad.*

*Artikulo 11*

| | | |
|---|---|---|
| | *1. Anumang gawain na kasangkot sa walang-kokonsiderasyong pagpatay ng isang hayop ay biocide, o isang krimen laban sa buhay.*<br><br>*Artikulo 12*<br><br>*1. Ang anumang gawain na kasangkot sa malawakang pagpatay ng mga hayop sa kagubatan ay genosidyo, o isang krimen laban sa species.*<br>*2. Ang polusyon o pagkasira ng natural na kapaligiran ay nagdudulot ng genosidyo.*<br><br>*Artikulo 13*<br><br>*1. Ang mga patay na hayop ay dapat tratuhin ng may respeto.*<br>*2. Ang mga eksena ng karahasan na kasama ang mga hayop ay dapat ipagbawal sa sine at telebisyon, maliban sa edukasyong makatao.*<br><br>*Artikulo 14*<br><br>*1. Ang mga kinatawan ng mga kilusang nagtatanggol sa karapatan ng mga hayop ay dapat magkaroon ng epektibong boses sa lahat ng antas ng pamahalaan.*<br>*2. Ang mga karapatan ng mga hayop, katulad ng mga karapatan ng tao, ay dapat magkaroon ng proteksyon ng batas.*<br><br>*The Universal Declaration of Animal Rights was solemnly proclaimed in Paris on 15 October 1978 at the UNESCO headquarters. The text, revised by the international League of Animal Rights in 1989, was submitted to the UNESCO Director General in 1990 and made public the same year.*<br><br>**Gawain: IKUWENTO MO ANG LARAWAN!**<br><br>Batay sa ibinigay na larawan, isalaysay kung paano mo maipapakita ang iyong pag-aalaga sa hayop. | |

| | |
|---|---|
| <br><br>https://www.istockphoto.com/vector/adoption-dogs-from-shelter-volunteering-and-helping-pets-concept-gm1289348104-385050732?phrase=stray+dogs | |
| <br>https://www.dreamstime.com/two-juvenile-bullies-mistreat-duck-hare-caricature-people-who-abused-animals-image130633112 | |



https://www.facebook.com/WeDontDeserveEarth/photos/a.344992262914335/828598381220385/?type=3

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang iyong makabuluhang natutuhan sa gawaing ito?

2. Ano sa palagay mo ang mabuting katiwala?

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Pag-unawa sa Ekolohiya na Kailangan ng mga Hayop**

Ang ekolohiya ay pag-aaral ng mga ugnayan sa pagitan ng mga buhay ng organismo, kabilang na ang mga tao, at ang kanilang kapaligiran; layunin nito ang maunawaan ang mahahalagang koneksiyon sa pagitan ng mga halaman at hayop at ng mundong nasa paligid nila. Nagbibigay rin ang ekolohiya ng impormasyon ukol sa mga benepisyo ng mga ekosistema at paano natin magagamit ang mga yaman ng mundo nang may pag-iingat upang mapanatili ang kalusugan ng kalikasan para sa mga susunod na henerasyon.

Mga Sanggunian para sa Paksa 2:

https://www.esa.org/about/what-does-ecology-have-to-do-with-me/

https://www.encyclopedia.com/social-sciences/encyclopedias-almanacs-transcripts-and-maps/animal-ecology#:~:text=Animal%20ecology%20concerns%20the%20relationships,communities%2C%20and%20energy%20flow%20and

Dagdag na Basahin:

https://www.linkedin.com/pulse/what-role-animals-play-ecosystem-anumeenacare)

Iilang papel ng mga hayop sa ekosistema:

1. Ang mga hayop na kumakain ng halaman ay nagpapabawas ng dami ng halaman sa

| | | |
|---|---|---|
| | Sa larangan ng ekolohiya ng hayop, mahalaga ang pagpapakita ng mga ugnayan ng bawat indibidwal sa kanilang kapaligiran. Kasama sa aspekto ng ekolohiya ang pagsusuri sa mga epekto ng mga salik tulad ng klima, lupa, tubig, at iba pang organismo sa pag-unlad ng hayop. Kailangan rin ng mga hayop ang pagkain, tubig, hangin, at tirahan.<br><br>*Watch YouTube: The Needs of An Animal*<br><br>https://www.google.com/search?sca_esv=eab7f0f30e16ba03&rlz=1C1GCEA_enPH1042PH1042&q=5+things+animals+need+to+survive+in+their+habitat&sa=X&ved=2ahUKEwi1puHW9dmEAxU_gVYBHbxJCTQQ1QJ6BAhCEAE&biw=1920&bih=953&dpr=1#fpstate=ive&vld=cid:a0056a65,vid:S8XOFeMLyRk,st:0<br><br>**Gawain:** Ipaliwanag ang mensaheng nais ipabatid ng siping-banggit o *quotation* na ito.<br><br>*"We are on earth to take care of life. We are on earth to take care of each other."*<br><br>-Xiye Bastida<br><br>(Sa Filipino: Nandito tayo sa lupa para alagaan ang buhay. Nandito tayo sa lupa para alagaan ang isa't isa.)<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**Kaugnay na Paksa 3:**<br><br>**Pangangalaga ng mga Hayop Tanda ng Pagiging Mabuting Katiwala**<br>*OpenAI. (2024). ChatGPT (3.5) [Large language model]. https://chat.openai.com*<br><br>"Ang malaking kapangyarihan ay may kaakibat na malaking responsabilidad"<br><br>Isang tanyag na linya mula sa pelikulang *Spiderman* na pinagbibidahan ni Tobey Maguire bilang "Peter Parker". Ano nga ba ang mensaheng nais ipabatid ng linyang ito? Simple lang! Ang ibig sabihin nito ay kapag ikaw ay may kapangyarihan, | pamamagitan ng kanilang pagkain. Ito ay nagiging hadlang sa pagiging sobra ng isang uri ng halaman at nagbibigay daan para sa iba't ibang mga halaman na maging matagumpay.<br><br>2. Ang mga hayop tulad ng uod, talangka, at ilang insekto ay nagpapaginhawa ng lupa, gumagawa nito ng mas mabuting pataba para sa paglago ng mga halaman.<br><br>3. Maraming hayop ang mahalaga sa ekonomiya ng tao, nagbibigay ng pagkain, damit, at iba pang mga yaman. Bukod dito, mayroon silang espiritwal at kultural na kahalagahan sa maraming lipunan.<br><br>Samakatuwid, sa pamamagitan ng pagprotekta at pag-unawa sa mga papel ng mga hayop, hindi lamang natin iniingatan ang kanilang mundo kundi tiniyak rin natin ang kaginhawaan ng ating sarili. |

mayroon ka ring resposibilidad. Ikaw ba ay mayroong kapangyarihan? Ang sagot ay Oo. Ang kapangyarihang ito ay nakapaloob sa ating mga kakayahan na ating namana sa Diyos ng tayo ay likhain na kawangis niya. (*Genesis 1:26*). Ang kapangyarihang bumuo at lumikha ng magagandang bagay at mag-isip ng tama ay ilan lamang sa mga kapangyarihang ito. Kaakibat ng kapangyarihang ito ay ang mga tungkulin at isa sa mahahalagang tungkulin ng tao ay pangalagaan ang mga hayop dahil ang mga hayop ay may malaking kontribusyon sa kalikasan at kalusugan ng mga mamamayan. Ayon sa ating Kristiyanong paniniwala, kaakibat sa mga kakayahang ating namana ay ang tungkulin na pangalagaan ang kalikasan kasama na ang mga hayop at halaman.

Ang Makataong Pagtrato sa mga Hayop
*Imam Mufti Dec 11, 2023*

Ayon kay Imam Mufti, nilikha ng Diyos ang tao at hayop, ginawa ang mga hayop upang tayo'y paglingkuran. Tayo ay umaasa sa mga hayop sa pagkain na ating kinakain at sa gatas na ating iniinum. Dinadala natin ang mga hayop sa ating mga tahanan upang mahalin at makasama. Naliligtas tayo mula sa kritikal na sakit at nabubuhay nang mas matagal dahil sa biomedikal na pananaliksik sa mga hayop. Tayo ay bumibisita sa mga palahayupan (*zoo*). Tayo ay nakikinabang mula sa mga espesyal na sinanay na aso na nakakatuklas ng mga droga, gumagabay sa bulag, at tumutulong sa mga may kapansanan.

Ang sabi naman ng Diyos Quran:

*"At ang pinapastulang mga hayop ng bakahan, Kaniyang nilikha para sa inyo. Sa kanila ay may nakukuhang kasuotang pampainit, (di mabilang na) pakinabang, at mula sa mga ito kayo ay makakain. At para sa inyo ang kanilang kagandahan kung sila ay inyong inuuwi (sa mga bahay) at kapag dinadala sa pastulan. At sila ay naghahakot ng inyong mga dalahin patungo sa mga lupain na hindi ninyo magawang lakarin malibang may kahirapan sa inyong mga sarili. Katotohanan ang inyong Diyos ay tigib ng kagandahang loob, maawain. At (Kaniyang nilikha) ang mga kabayo at mga mola at mga asno para sa inyo upang inyong masakyan at magsilbing palamuti. At Siya ay lumilikha ng anumang hindi ninyo nalalaman." (Quran 16:5-8)*

| | | |
|---|---|---|
| | Ang mga sumusunod ay mga dahilan na mahalagang pangalagaan ang mga hayop:<br><br>• *Moral na Responsibilidad:* Bilang mga indibidwal na may kakayahang makagawa ng desisyon, may moral na responsibilidad tayo na pangalagaan at igalang ang buhay ng ibang nilalang, kasama na ang mga hayop.<br>• *Balanse sa Ekosistema:* Ang mga hayop ay may mahalagang papel sa pangangalaga at pagbalanse sa ekosistema. Ang kanilang partisipasyon sa mga proseso tulad ng polinasyon, pagkontrol sa populasyon ng ibang hayop, at paghahatid ng nutrient sa lupa ay mahalaga upang mapanatili ang kalusugan ng ekosistema.<br>• *Biodibersidad:* Ang pagkakaroon ng malawak at mayaman na biodibersidad ay mahalaga para sa pagpapanatili ng kalusugan ng planeta. Ang mga hayop ay bahagi ng komplikadong *network* ng buhay sa lupa at ang pagkakaroon ng kanilang iba't ibang *species* ay nagpapalakas sa ekosistemang ito.<br>• *Kalusugan ng Tao:* Ang pangangalaga sa mga hayop ay nakakaapekto rin sa kalusugan ng tao. Ang mga hayop na kinakalinga at inaalagaan natin ay nagbibigay sa atin ng mga produktong pang-konsumo, tulad ng pagkain at gamot, na mahalaga para sa ating kalusugan at kabuhayan.<br><br>Sa kabuoan, ang pangangalaga sa mga hayop ay hindi lamang tungkol sa kanilang kapakanan kundi pati na rin sa kapakanan ng ating kalikasan at ng sangkatauhan. Ito ay bahagi ng ating tungkulin bilang tagapangalaga ng mundo at ng lahat ng nilalang na narito.<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawang Aralin 3: PPK TSART. Pahayag, Patunay, Katwiran**<br><br>Sagutin ang tanong gamit ang PPK tsart. Sa unang kolum ay nakasulat kung ano ang iyong gagawin at sa pangalawang kolum ay kompletuhin ang pangungusap bilang sagot.<br><br>**Tanong**<br><br>Bakit tungkulin ng tao na pangalagaan ang mga hayop? | Layunin ng gawaing ito na:<br>1.Mapalalim ang kaalaman ng mag-aaral tungkol sa tungkulin ng tao na pangalagaan ang mga hayop<br>2. Malinang ang kasanayan ng mag-aaral na magbigay-pansin sa mga detalye sa tekstong binabinabasa.<br>3. Makapagbigay ng sagot sa tanong, makabigay ng patunay mula sa binasang teksto at |

| | |
|---|---|
| **P- PAHAYAG-** isulat ang iyong sagot sa tanong**.** | Ang aking sagot sa tanong ay<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________ |
| **P- PATUNAY-** magbigay ng mga patunay mula sa sanaysay na nagpapatibay ng iyong sagot o pahayag para makumbinsi ang iba na tama ang iyong punto**.** | Ang mga patunay mula sa sanaysay na sumusuporta sa aking sagot/pahayag ay ang sumusunod:<br>1.______________________________<br>2.______________________________<br>3.______________________________ |
| **K- KATWIRAN-**ipaliwanag kung bakit ang iyong mga patunay ay sumusuporta sa iyong sagot/ pahayag. Ang iyong paliwanag ay dapat batay sa tama at wastong impormasyon mula sa sanaysay. | Ang tanong ay naghahanap ng…<br>________________________________<br>at ang ibig sabihin nito ay…<br>________________________________<br>________________________________<br>Ang aking nabanggit na patunay ay naaayon sa kung ano ang hinahanap ng tanong dahil…<br>________________________________<br>________________________________<br>Kaya, bilang sagot sa tanong…<br>________________________________ |

**Rubrik sa Pagmamarka:**

maipaliwanag ang kaugnayan ng patunay sa sagot.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang pangatlong paksa at pasagutan sa kanila ang pinatnubayang pagsasanay. Gamit ang **PPK TSART. Pahayag, Patunay, Katwiran** maaari itong maging bahagi ng *formative assessment* or pagsusuri para sa pag-unawa."(*summative for understanding*) gawin ito sa isang sesyon (*1 meeting*)

| Pamantayan | 2<br>Tanggap | 1<br>Bahagyang tanggap | 0<br>Hindi tanggap | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| **Pahayag-** sumasagot sa tanong | Nagbigay ng tama at kompletong sagot | Nagbigay ng tama pero kulang ang sagot | Mali ang ibinigay na sagot o walang sagot | |
| **Patunay-** teksto mula sa sanaysay na sumusuporta sa pahayag. | Nagbigay ng tama at sapat na tekstong sumusuporta sa pahayag | Nagbigay ng tama ngunit kulang ang tekstong sumusuporta sa pahayag | Walang ibinigay na tekstong patunay para sumuporta sa pahayag o kaya ay mali ang ibinigay na patunay | |
| **Katwiran-** paliwanag kung paano ang patunay ay sumusuporta sa pahayag | Nagbigay ng sapat na paliwanag at nagpapakita ng tamang koneksyon sa patunay at pahayag | Di sapat ang ibinigay na paliwanag tungkol sa koneksyon ng pahayag at patunay | Walang ibinigay na paliwanag o kaya ay mali ang paliwanag tungkol sa koneksyon ng pahayag at patunay | |

**Kaugnay na Paksa 4:**

| | | |
|---|---|---|
| | **Wastong Pamamaraan ng Pangangalaga sa mga Hayop**<br>*Ang Guro mo EPP 4 youtube Dec. 2020*<br><br>Paano mo inaalagaan ang iyong alagang hayop sa inyong tahanan? Mayroon ba silang malinis, maayos at wastong lugar o tirahan? Narito ang mga wastong paraan ng pangangalaga sa mga hayop.<br><br>A. Pagsasagawa ng maayos na pangangalaga sa mga hayop<br><br>Sa pag-aalaga ng mga hayop sa tahanan, mainam na ikaw ay mayroong sapat na kaalaman. Ito ay makatutulong upang maging malusog ang iyong alagang hayop, ito din ay makapagbibigay ng maaliwalas at ligtas na kapaligiran<br><br>**Mga Salik sa Pag-aalaga Hayop**<br><br>1. Mahalagang mayroon sapat at masustansiyang pagkain<br>2. Mayroong malinis, nakaangat sa lupa, at maluwag na bahay o kulungan<br>3. Dapat mayroong sapat at malinis na tubig<br>4. Mayroong matibay na tirahan o kulungan.<br>5. Mayroong malinis na kapaligiran.<br>6. Kung kinakailangan ay dapat mayroong bitamina upang lumaking malusog at makapagbigay ng maayos na produkto.<br>7. Mayroong mga alagang hayop na nangangailangan ng palagiang paliligo upang maging maaliwalas ang kanilang pakiramdam.<br>8. Mayroong mga hayop na nangangailangan ng bakuna.<br><br>**Pagbibigay ng wastong lugar o Tirahan**<br><br>Ang mga alagang hayop ay kailangan na nakalagay sa wastong lugar o tirahan upang sila ay maging ligtas sa anumang sakuna.<br><br>1. Ang kulungan ng inyong alagang hayop ay kailangan nasa bakanteng lote, likod-bahay o lugar kung saan ay di kalayuan sa inyong tahanan. Hal. Ay ang kulungan ng manok. | Layunin Ng ika-apat na Paksa na:<br>1. Maisakilos ng mag-aaral ang wastong pangangalaga ng mga hayop,<br>2. Masagutan ang pamprosesong tanong sa pagkatapos ng pagtalakay, at<br>3. Masagot ang pabaong pagkatuto.<br><br>Una ay tatalakayin muna ang paksa 4 pagkatapos ay pasagutan ang pamprosesong tanong puwedi itong gawin ng magkapareha o indibidwal pagkatapos ay pasagutan ang pabaong pagkatuto |



2. Palagiang linisin ang kulungan ng inyong alagang hayop upang hindi ito mangamoy at makaiwas sa anumang sakit. Maaari ding maglagay ng kanal upang maging daluyan ng tubig.



3. Ang kulungan ay dapat nakaangat sa lupa.

4. Kinakailangang mayroong sapat na tubig upang mayroong magamit na panlinis sa kulungan.



5. Mainam na ang kulungan ay nasisikatan ng araw upang ang inyong alaga ay makakuha ng nutrisyon mula dito. Kinakailangan rin na mayroong panangga sa sobrang init at ulan

**Pagpapakain at Paglilinis ng Tirahan**

1. Ang inyong alagang hayop ay nangangailangan ng sapat, malinis at masustansiyang pagkain at tubig. Kung kinakailangan ay bigyan ng bitamina upang maging malusog at iwas sa sakit.
2. Maaari ding kumunsulta sa beterinaryo kung may karamdaman ang alagang hayop.
3. Pakainin ang inyong alagang hayop araw-araw

**Pamprosesong Tanong:**

Gumuhit ng larawan ng isang alagang hayop sa gitnang bilog na hugis, sa mga paligid na kahon naman isulat ang apat (4) na mga bagay na kailangan ng alaga upang maging malusog at masaya.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Ano-ano ang mga kailangan ng Alaga mong Hayop?<br>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>IKAAPAT NA ARAW<br><br>Pabaong Pagkatuto<br><br>ALAM KO, IPAKITA KO,<br><br>Balikan natin ang mga kaalamang inyong natutuhan sa paksang ito.
<table>
<tr><td>ALAM KO<br>Tukuyin ang tatlong [3] mga kaalaman na iyong natutuhan tungkol sa wastong pangangalaga ng mga hayop</td><td>IPAKITA KO:<br>Isulat kung paano maipapakita ang wastong mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop</td></tr>
<tr><td>Halimbawa:</td><td>Halimbawa:</td></tr>
</table></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagpapakain at paglilinis ng Tirahan | Ipinapakita ko ang wastong paraan ng pag-papakain sa pamamagitan ng pagsunod sa itinakdang oras ng pagpapapkain at palagiang paglilinis ng kulungan nito sa itinakdang oras araw-araw. | | |
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |

**Pagninilay sa Pagkatuto**

**Suri-Sarili:** Suriin ang iyong sariling mga paraan o proseso ng pagkatuto sa paksang ito. Gamitin ang mga tanong bilang gabay sa pagsagot.

1.Kumusta? Ano-ano ang mga konsepto ang lubos mong nauanwaan sa paksang ito? ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________.

2. Saang bahagi ng aralin ang nahirapan kang unawain? Paano ka matutulungan ng iyong guro na mas maunawaan mo pa at mapadali ang bahaging ito?____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________.

3. Ano naman ang mga bahaging nasabi mong gustong-gusto mo at maraming kang natutuhan? ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________.

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">Pagsusulit<br><br>Gawin kung ano ang hinihiling sa iyo:<br><br>1.Magbigay ng tatlong mga paraan ng pangangalaga ng mga hayop.<br>2.Buoin lamang ang hindi tapos na pangungusap.<br>• Tungkulin ng tao na pangalagaan ang mga hayop dahil…<br>____________________<br>____________________<br>3.Paano mo isasakilos ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop? Isulat ang iyong plano.<br>• ____________________<br>• ____________________</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |